4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 4

Aralin 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 4: Aralin 4 (Linggo 5)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Venicris M. Alonsozana

**Tagasuri:** Liza T. Bacierra

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling pagkilala sa mga natatanging taong may kapansanan o *Persons with Disability*(PWD) sa pamayanan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan upang bigyang pagkilala ang mga natatanging taong may kapansanan o *Persons with Disability* (PWD) dahil sa kanilang kontribusyon bilang tanda ng pagiging mapagpasalamat. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Naisasabuhay ang pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng paggamit sa mga kontribusyon ng mga natatanging taong may kapansanan o *Persons with Disability* (PWD) bilang gabay sa pasiya at kilos.<br>a. Nailalarawan ang mga katangi-tanging nagawa at pagpapahalaga ng mga taong may kapansanan o *Persons with Disability* (PWD) sa pamayanang kinabibilangan.<br>b. Naipaliliwanag na ang sariling pagkilala sa mga natatanging taong may kapansanan o *Persons with Disability* (PWD) sa pamayanan ay pagpapahalaga sa kanilang mga kontribusyon na nagpapabuti sa kalagayan ng lipunan o bayan.<br>c. Nakapaglalapat ng mga paraan upang bigyang pagkilala ang mga natatanging taong may kapansanan o *Persons with Disability* (PWD) dahil sa kanilang kontribusyon. |
| **C. Nilalaman** | Katangi-tanging pagpapahalaga, katatagan, kakayahan, at ambag ng mga taong may kapansanan sa pamayanan at sa lipunan. |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Mapagpasalamat (*Gratitude*) |
| **E. Integrasyon** | Mga batas at karapatan ng mga taong may kapansanan o PWD |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|

ABS-CBN News (2014). PWDs pursue dreams despite challenges. [video] https://youtu.be/QNhxWd9c7n0
buckheadcreative (2015). Perseverance. The story of Nick Vujicic. [video]. https://youtu.be/gNnVdlvodTQ
Department of Health (2019). DOH Administrative Order No. 2013 -_0005-A (dated 6, Nov. 2019) / SUBJECT: Amendment to Administrative Order No. 2013-0005 dated February 7, 2013, entitled "National Policy on the Unified Registry Systems of the Department of Health (Chronic Noncommunicable Diseases, Injury Related Cases, Persons with Disabilities and Violence Against Women and Children Registry System)". https://www.facebook.com/photo/?fbid=2672751563011199&set=doh-types-of-disability-update-the-department-of-health-has-already-issued-doh-a
Educational Videos for Students (Cartoons on Bullying, Leadership & More) (2017). Who is Stevie Wonder? (Biography) Educational Videos: Celebrating Black History Month. [video] https://youtu.be/cySnIQ13Asg
Jezweb (2024). 10 Famous Individuals Who Overcame Disability to Follow their Dreams. https://www.connectability.org.au/10-famous-individuals-who-overcame-disability-to-follow-their-dreams/
National Council on Disability Affairs (1992). Republic Act No. 7277: An act providing for the rehabilitation, self-development and self-reliance of disabled persons and their integration into the mainstream of society and for other purposes. https://ncda.gov.ph/disability-laws/republic-acts/republic-act-7277/
Villanueva, V.M. (2018). #*ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House
Ianpictures. (n.d.). *Disability symbols and signs collection vector image*. VectorStock. https://www.vectorstock.com/royalty-free-vector/disability-symbols-and-signs-collection-vector-26243228
Staff, L. S. J. (2024, March 25). *Home*. Lansing State Journal. https://www.lansingstatejournal.com/
*Home Page - Breaking news on Christianity in Uganda and World*. (2021, June 10). Breaking News on Christianity in Uganda and World.https://www.ugchristiannews.com/
*Quizizz | free online quizzes, lessons, activities and homework*. (n.d.). https://quizizz.com/

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**MAIKLING BALIK-ARAL**<br><br>Ang mga simbolong ito ay ating nakikita sa mga pampublikong lugar: | Ang salitang "may kapansanan" ay nakikita na ngayon sa mga simbolo ng mga taong may mga kapansanan. Ang mga simbolong ito ay pagsasaalang- |

<table>
<tr>
<td></td>
<td><br><br>Pagtapat-tapatin. Itapat ang mga nasa ikalawang hanay sa tama nitong paglalarawan sa unang hanay. Ilagay ang titik ng tamang sagot sa patlang.<br><br>Unang Hanay / Ikalawang Hanay<br><br>___1. Unang Simbolo — a. kapansanan sa katawan<br>___2. Ikalawang Simbolo — b. kapansanan sa pag-iisip<br>___3. Ikatlong Simbolo — c. kapansanan sa pagsasalita<br>___4. Ika-apat na Simbolo — d. kapansanan sa pandinig<br>___5. Ika-limang Simbolo — e. kapansanan sa paningin<br><br>Kapag makita ko ang isa sa mga simbolong ito, anong mabuting gawi ang dapat kong ipakita? Ang aking gagawin ay:<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________</td>
<td>alang sa kanila bilang kabahagi ng lipunan.<br><br>Tamang Sagot:<br>1. a<br>2. c<br>3. d<br>4. b<br>5. e</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>PAGLINANG SA KAHALAGAHAN SA PAGKATUTO SA ARALIN<br><br>Ang kapansanan ay nangangahulugang isang pisikal o mental na kapansanan na lubos na naglilimita sa isa o higit pang sikolohikal, pisyolohikal o anatomikal na pagkilos ng isang indibidwal o mga aktibidad ng naturang indibidwal.<br><br>Batay sa kahulugang ito, tukuyin kung ang mga sumusunod ay halimbawa ng kapansanan ng tao o hindi:<br><br>Lagyan ng tsek (√) ang hanay sa kanan kung ito ay halimbawa ng kapansanan ng tao. Lagyan ng ekis (X) kung ito ay hindi halimbawa ng kapansanan ng tao.</td>
<td>Mahalagang matukoy ng mag-aaral kung ano ang ibig sabihin ng kapansanan at makapagbigay ng mga halimbawa nito.<br><br>Ang kahulugan ng kapansanan ay hango sa DOH Administrative Order No. 2013 -_0005-A.</td>
</tr>
</table>

| | |
|---|---|
| 1. Bingi/Hirap sa pandinig | |
| 2. Hindi pagbabayad ng koryente | |
| 3. Kahinaan sa pagsasalita at wika | |
| 4. Kakulangan ng perang pambaon | |
| 5. Kakulangan sa pagtulog | |
| 6. Kapansanan ng mga laruan | |
| 7. Kapansanan sa intelektuwal | |
| 8 Kapansanan sa pag-iisip | |
| 9. Kapansanan sa pagkatuto | |
| 10. Kapansanan sa paningin | |
| 11. Mainit at maulan na panahon | |
| 12. *Orthopedic Disability* | |
| 13. Pagkaubos ng bigas na pangsaing | |
| 14. Pisikal na Kapansanan | |
| 15. *Psychosocial Disability* | |

**PAGHAWAN NG BOKABOLARYO SA NILALAMAN NG ARALIN**

Ayon sa *Revised Philippine Registry Form* para sa *PWDs V 3.0.* Ito ang mga uri ng kapansanan:

1. Bingi/Hirap sa Pandinig
2. Kapansanan sa Intelektuwal
3. Kapansanan sa Pagkatuto
4. Kapansanan sa Pag-iisip
5. *Orthopedic Disability*
6. Pisikal na Kapansanan
7. *Psychosocial Disability*
8. Kahinaan sa Pagsasalita at Wika
9. Kapansanan sa Paningin

DEBATE: Kailangan ba nating itrato ang mga taong may kapansanan sa lipunan bilang mas mababa sa pamayanan kaysa sa taong walang kapansanan?

Aking posisyon: ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**Tamang sagot:**
1. √
2. X
3. √
4. X
5. X
6. X
7. √
8. √
9. √
10. √
11. X
12. √
13. X
14. √
15. √

Layunin ng aralin na ipakita ang mga kakayahan ng mga taong may kapansanan at kailangan ihinto ang pagtrato sa kanila bilang mas mababa kaysa sa taong walang kapansanan.
Ang *orthopaedic disability* ay isang pisikal na kapansanan na nakakaapekto sa *musculoskeletal system.*

Ang *psychosocial disability* ay kapansanan sa kalusugan ng isip sa pakikipag-ugnayan sa panlipunang kapaligiran na nagpapakita ng mga hadlang sa kanilang pagkakapantay-pantay sa iba.

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**KAUGNAY NA PAKSA 1: Saloobin ng mga Tao sa Lipunan Patungkol sa Taong May Kapansanan o PWD**<br><br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**<br>Ano ang personal kong pananaw tungkol sa PWDs?<br><br>**Hanap, Usap, Kalap:** Gawin ang sumusunod:<br><br>**Paghahanap** (Maghahanap ng limang kamag-aral na makakapareha)<br>Pangalan ng kamag-aral:______________________________ Kaniyang Lagda:__________<br>Pangalan ng kamag-aral:______________________________ Kaniyang Lagda:__________<br>Pangalan ng kamag-aral:______________________________ Kaniyang Lagda:__________<br>Pangalan ng kamag-aral:______________________________ Kaniyang Lagda:__________<br>Pangalan ng kamag-aral:______________________________ Kaniyang Lagda:__________<br><br>**Pag-uusap** (Pagbabahagi ng mga saloobin patungkol sa taong may kapansanan o PWD)<br>Paano mo ilalarawan ang PWD sa isang salita: )____________________________________<br>________________________________________________________________________<br><br>**Pagkakalap** (Kakalapin ang limang sagot na salita at bubuo ng isang pangungusap na maglalarawan sa mga PWD):<br>________________________________________________________________________<br>________________________________________________________________________<br>________________________________________________________________________<br>________________________________________________________________________<br>________________________________________________________________________<br><br>Lagda ng kamag-aral:_____________ Lagda ng kamag-aral:_____________<br>Lagda ng kamag-aral:_____________ Lagda ng kamag-aral:_____________<br>Lagda ng kamag-aral:_____________ Lagda ng guro:____________________<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY** | Muling ipapakita ang nabuong pangungusap sa limang kamag-aral na nagbigay ng salita. Hingin ulit ang kanilang lagda.<br><br>Ipakita sa guro ang nabuong salita at hingin ang kanyang lagda. |

Isulat muli ang nabuong pangungusap:

___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________

Isulat ang iyong naramdaman pagkatapos mabuo ang pangungusap? Ipaliwanag ang iyong sagot.

___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________

Gawing gabay sa pagmarka ng sagot ang rubriks na nakapaloob.

Rubriks para sa Pagsusuri:

| **Pamantayan** | | | | | | **Kabuo ang Punto s** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Nilalaman at Diwa | 50% Napaka husay na nilalam an at diwa | 40% Mahusay na nilalama n at diwa | 30% Mayroong nilalama n at diwa | 20% Hindi mahusay na nilalama n at diwa | 10% Walang nilalam an at diwa | |
| Kabuoang Kaayusan | 50% | 40% Mahusay | 30% | 20% | 10% | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Napaka husay na kabuoang kaayusan | na kabuoang kaayusan | Mayroong kabuoang kaayusan | Hindi Mahusay na kabuoang kaayusan | Walang kabuoang kaayusan | |

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

Lapitan ang alin mang dalawang kamag-aral na nagbigay sa iyo ng isang salita tungkol sa PWD at kopyahin ang kanilang nabuong pangungusap:

Unang Pangungusap: ____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

Ikalawang Pangungusap: ____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

Sumasang-ayon ka ba sa mga pangungusap na ito?  Ipaliwanag ang iyong sagot.

____________________________________________
____________________________________________

**IKATLONG ARAW**

**KAUGNAY NA PAKSA 2: Mga Natatanggap na Suporta ng mga PWD**

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**

Mga sikat na indibidwal na nagtagumpay sa kapansanan upang masunod ang kanilang mga pangarap:

| | | |
|---|---|---|
| | Stevie Wonder (Singer, ipinanganak na bulag)<br>Nagpasikat ng kantang *"I just called to say I Love You"*<br>Si Stevie ay ipinanganak na *premature* na nagresulta sa isang kondisyon na kilala bilang *retinopathy* ng *prematurity* na humahantong sa kaniyang mga *retina* na matanggal. Ang kaniyang pagkabulag ay hindi naging hadlang sa kaniyang pagiging isa sa mga pinakadakilang sikat ng musika sa lahat ng panahon.<br><br>Nick Vujicic (*Evangelist*, ipinanganak na walang paa)<br>May-akda ng librong *"Life Without Limits"*<br>Si Nick ay ipinanganak sa Melbourne na may kondisyon na kilala bilang *tetra-amelia* na humantong sa *phocomelia*. Nangangahulugan ito na siya ay ipinanganak na walang mga paa. Ang kahanga-hanga sa kaniya ay ginamit niya ang kaniyang kapansanan upang magbigay ng inspirasyon sa mga tao na mamuhay ng mas kasiya-siya.<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**<br><br>**Sitwasyon-Muni-Sagot (SMS):** Balikan ang mga nangyari sa buhay ni Stevie Wonder at Nick Vujicic at sagutin ang sumusunod na tanong. Gawing gabay sa pagmarka ng sagot ang rubriks na nakapaloob.<br><br>Rubriks Para sa Pagsusuri: | May *"picture puzzle activity"* na gagawin ang mga mag-aaral sa Sagutang Papel |

| **Pamantayan** | | | | | | **Kabuo ang Punto s** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Nilalaman at Diwa | 50% Napaka husay na nilalam an at diwa | 40% Mahusay na nilalama n at diwa | 30% Mayroong nilalama n at diwa | 20% Hindi mahusay na nilalama n at diwa | 10% Walang nilalam an at diwa | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Kabuoang Kaayusan | 50% Napaka husay na kabuoang kaayusan | 40% Mahusay na kabuoang kaayusan | 30% Mayroong kabuoang kaayusan | 20% Hindi Mahusay na kabuoang kaayusan | 10% Walang kabuoang kaayusan | |

**Mga gabay na tanong:**

1. Ano ang ilang mga bagay na maaaring gawin upang maiwasan ang mga nakapanghihina ng loob na pangungusap sa mga taong may kapansanan?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Ano ang iyong iniisip kung nag-uulat ng mga insidenteng nakatutok sa may mga kapansanan?

______________________________________________

______________________________________________

3. Ano ang iyong mga saloobin sa mga pagtulong na ginagawa para sa mga taong may kapansanan?

______________________________________________

______________________________________________

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

Sa ibaba ay mga halimbawa ng mga sikat na linya na sinabi nina Stevie Wonder at Nick Vujicic. Paano mapapabuti ang buhay ng tao ayon sa mga katagang binanggit nila?

Ang inaasahang sagot sa Pinatnubayang Pagsasanay ay patungkol sa:

Ang mga taong may kapansanan ay bahagi ng lipunan ng Pilipinas, kaya dapat magbigay ng buong suporta ang lahat sa estado sa

| | | |
|---|---|---|
| | Stevie Wonder:<br>*"Just because a man lacks the use of his eyes doesn't mean he lacks vision."*<br>*(Hindi ibig sabihin na kulang sa paggamit ng mata ang isang tao ay kulang na siya sa mga pangitain.)*<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br><br>Nick Vujicic:<br>*"I have the choice to be angry in God for what I don't have or be thankful for what you do have."*<br>*(Mayroon akong pagpipilian, magalit sa Diyos para sa kung ano ang wala sa akin o magpasalamat sa kung ano ang mayroon ka.)*<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br><br>**KAUGNAY NA PAKSA 3: Pagtulong sa mga PWD sa Pamamagitan ng Pansariling Mabuting Gawi**<br><br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**<br><br>**Fan-meet.** Ang *Fan-meet* ay nagagawa kung ang isang tagahanga ay nabibigyan ng pagkakataon makita, makasama at makausap ang kaniyang hinahangaang tao. Kung mabibigyan ka ng pagkakataon makita, makasama at makausap sina Stevie Wonder at Nick Vujicic, ano ang sasabihin mo sa bawat isa?<br><br>Sasabihin ko kay Stevie Wonder:<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>Sasabihin ko kay Nick Vujicic:<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY** | pagpapabuti ng kabuoang kagalingan ng mga taong may kapansanan at ang kanilang pagsasama sa mga antas ng lipunan. |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pagpipili.** Piliin ang tamang gawi sa sumusunod na sitwasyon. Ilagay ang titik ng tamang sagot sa patlang.<br><br>_____1. Nakasakay ka sa isang dyip at may nakita kang isang taong PWD na nais din sumakay sa inyong dyip. Ano ang gagawin mo?<br>a. Pagtatawanan ang taong PWD<br>b. Pagsabihan na madalian ang pagsakay dahil ikaw ay mahuhuli na sa klase.<br>c. Hindi makialam sa ibang tao<br>d. Tulungan ang taong may kapansanan na makasakay sa inyong sinasakyan.<br><br>_____2. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pagmamalasakit sa PWD?<br>a. Pagtatawanan ang kinukutya na PWD.<br>b. Pahiramin muna ang kaklaseng PWD ng bolpen para makasali sa pagsusulit.<br>c. Pagsigawan ang taong may kapansanan.<br>d. Tumulong sa PWD at hihingi ng kapalit.<br><br>_____3. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng pakikipag-ugnayan sa PWD?<br>a. “Pilit kong inuunawa kung bakit ka nahuli, pero sana umalis ka ng bahay nang mas maaga.”<br>b. ”Bakit ba nahuli ka na naman?”<br>c. “Sana sa susunod hindi kana huli sa usapan natin.”<br>d. “Tatlumpong minuto na akong naghihintay sa iyo!”<br><br>_____4. Si Ana ay may nakitang isang matandang bulag na hirap tumawid sa kalasada. Kaniya itong nilapitan at inalalayan. Si Ana ay__________.<br>a. masipag<br>b. malambing<br>c. matulungin<br>d. magalang<br><br>_____5. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pagmamalasakit?<br>a. Tumutulong si Jacky sa pamamahagi ng *relief goods* sa kanilang barangay.<br>b. Si Paul ay nagbibigay ng donasyon sa mga biktima ng kalamidad. | Bumuo ng grupo na may 4 na miyembro at simulan ang pagbabahagi ng mga sagot. Pumili ng lider na maglalagom at mag-uulat sa harap ng klase. |

| | | |
|---|---|---|
| | c. Tinutulungan maglakad ni Yumi ang kaniyang kaklase na may kapansanan.<br>d. Lahat ng nabanggit<br><br>**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**<br><br>Paano mo tutulungan ang mga taong may kapansanan katulad ni Stevie Wonder at Nick Vujicic?<br><br>Taong may kapansanan katulad ni Stevie Wonder:<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br><br>Taong may kapansanan katulad ni Nick Vujicic:<br>________________________________<br>________________________________ | **Tamang sagot:**<br>1. d<br>2. b<br>3. c<br>4. c<br>5. d |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**PABAONG PAGKATUTO**<br><br>**Liham ng Pasasalamat at Pag-asa.** Pumili ng isang uri ng kapansanan at gumawa ng personal na liham ng pasasalamt at pag-asa para sa kanila:<br>a. Bingi/Hirap sa Pandinig<br>b. Kapansanan sa Intelektuwal<br>c. Kapansanan sa Pagkatuto<br>d. Kapansanan sa Pag-iisip<br>e. *Orthopedic Disability*<br>f. Pisikal na Kapansanan<br>g. *Psychosocial Disability*<br>h. Kahinaan sa Pagsasalita at Wika<br>i. Kapansanan sa Paningin<br><br>**Liham ng Pasasalamat at Pag-asa**<br>________________________________ | Bigyan diin ang pagpapakita at pagpapadama ng pagpapahalaga sa mga PWD. |

Nagpapasalamat,

____________________________________

pangalan / lagda / petsa

Gawing gabay sa pagmarka sa "Liham ng Pasasalamat at Pag-asa" ang rubriks na nakapaloob.

**Rubriks Para sa Pagsusuri:**

| **Pamantayan** | | | | | | **Kabuoang Puntos** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Nilalaman at Diwa | 50% Napakahusay na nilalaman at diwa | 40% Mahusay na nilalaman at diwa | 30% Mayroong nilalaman at diwa | 20% Hindi mahusay na nilalaman at diwa | 10% Walang nilalaman at diwa | |
| Kabuoang Kaayusan | 50% Napakahusay na kabuoang kaayusan | 40% Mahusay na kabuoang kaayusan | 30% Mayroong kabuoang kaayusan | 20% Hindi Mahusay na kabuoang kaayusan | 10% Walang kabuoang kaayusan | |

| | | |
|---|---|---|
| | | | | | | | |<br><br>**PAGNINILAY SA PAGKATUTO**<br><br>**Nood-Nilay.** Panooring ang mga *video* na ito sa *youtube* at pagnilayan ang tiyaga at pasasalamat ng mga taong may mga kapansanan.<br><br>Buhay ni Stevie Wonder (2:08 minute video)<br>https://youtu.be/cySnIQ13Asg<br><br>Buhay ni Nick Vujicic (3:36 minute video)<br>https://youtu.be/gNnVdlvodTQ | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **PAGSUSULIT**<br><br>Piliin ang tamang gawing dapat ipakita sa mga taong may kapansanan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.<br><br>_____1. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pagtulong at pag- aalaga sa mga taong may kapansanan?<br>a. Pagpapakain ng wasto at tamang pagkain<br>b. Pagkukuwento ng malungkot na pangyayari<br>c. Baliwalain at hindi pansinin<br>d. Maglaro at mag-ingay sa tabi ng may kapansanan<br><br>_____2. Paano mo maipapakita ang iyong pagmamalasakit sa kamag-anak na may kapansanan?<br>a. Pagalitan<br>b. Mainis sa kaniya<br>c. Dalawin at aliwin<br>d. Huwag pansinin | **Tamang sagot:**<br>1. a<br>2. c<br>3. d<br>4. b<br>5. a<br>6. a<br>7. b<br>8. b<br>9. a<br>10. a<br>11. b<br>12. b<br>13. b<br>14. a<br>15. b |

_____3. May kapansanan ang iyong nakababatang kapatid, ano ang iyong dapat gawin?
a. Painomin ng gamot
b. Bigyan ng wasto at tamang pagkain
c. Alagaan at bantayan
d. Lahat ng nabanggit

_____4. Nalaman mo na may tinatagong kapansanan ang iyong lola. Ano ang iyong gagawin?
a. Maiinis sa lola dahil may kapansanan siya.
b. Dalawin at ipanalangin ang kaniyang kapansanan.
c. Baliwalain ang nararamdaman ng lola.
d. Pagalitan ang lola dahil may kapansanan.

_____5. Ang iyong kapatid ay umiiyak dahil sa sobrang hirap ng kaniyang kapansanan. Ano ang iyong gagawin?
a. Pahintuin sa pag-iyak ang kapatid at samahan, huwag iwanan.
b. Pagalitan ang kapatid para huminto sa pag-iyak.
c. Huwag pansinin at isumbong sa magulang.
d. Sabihin sa kapatid na maingay siya at nakakaabala.

_____6. Bigyan ng tama at wastong pagkain ang may kapansanan.
a. tama
b. mali

_____7. Kinukulit ang kapatid na may kapansanan.
a. tama
b. mali

_____8. Maglaro at mag-ingay sa tabi ng taong may kapansanan.
a. tama
b. mali

_____9. Nagdadala o nagbibigay ng mga bagay na kailangan nang may kapansanan.
a. tama
b. mali

_____10. Sabayan sa pagkain ang may kapansanan upang magkaroon ng gana sa pagkain.
a. tama
b. mali

_____11. Kaarawan ng kapatid mong may kapansanan. Lalabas kayo ng buong pamilya upang kumain. Ayaw mong sumama dahil manonood ka ng gusto mong palabas sa telebisyon.
a. tama
b. mali

_____12. Sama-samang nagdarasal ang inyong pamilya bago matulog at huwag ng isali ang miyembro na may kapansanan.
a. tama
b. mali

_____13. Naiinis ka kapag inuutusan ka ng nanay mo na tumulong sa paglilinis ng bahay kasama ang iyong mga kapatid na may kapansanan.
a. tama
b. mali

_____14. Sumasali ka sa mga programang may adbokasiya sa pagtulong sa may kapansanan.
a. tama
b. mali

_____15. Hindi dapat hulihin ng pulis ang mga taong may kapansanan kahit hindi nila sinusunod ang mga batas sa lipunan.
a. tama
b. mali

**GAWAING PANTAHANAN/TAKDANG-ARALIN**

Panoorin at pagnilayan ang kuwento ng dalawang Pilipinong PWD.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Rocel Sison at Benson Manggan (2:03 minute video)<br>https://youtu.be/QNhxWd9c7n0 | | | |
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |